Australian Red Cross

redcross.org.au/workrighthub


# Ang makabagong pang-aalipin ay nangyayari sa Australya



Sa Australya, ang makabagong pang-aalipin ay tumutukoy sa isang hanay ng malubhang mga gawing mapangsamantala, na sumisira sa kalayaan ng isang tao at sa kakayahang magpasya para sa kaniyang sarili. Kasama sa mga gawing ito ang pangangalakal ng mga tao, pang-aalipin, pagkaalipin, sapilitang pagpapakasal, sapilitang pagtatrabaho, pagkakatali sa utang, pinakamalalang mga uri ng pagtatrabaho ng mga bata, at mapanlinlang na pagrekluta para sa pagpapatrabaho o mga serbisyo.

## Kung ikaw o isang taong kilala mo ay sinasamantala, may tulong na makukuha.

Para sa impormasyon o kumpidensyal na payo, mangyaring makipag-ugnayan sa Australian Red Cross. **Tumawag sa 03 9345 1800 o mag-email sa national_stpp@redcross.org.au**



# Dapat kang tratuhin nang patas sa trabaho

## Kung ikaw o isang taong kilala mo ay:

- Pinipilit na magtrabaho o hindi ligtas sa trabaho
- Nagtatrabaho nang maraming oras nang walang sapat na pahinga
- Walang kontrol sa sariling kinikita
- Nagbabayad ng malaking utang sa isang recruiter o tagapag-empleyo para sa pagbiyahe, paninirahan, damit, pagkain, transportasyon o mga dokumento sa trabaho
- Hindi magawang iwan ang kaniyang pinagtatrabahuhan o makipagkasundo sa mga kondisyon
- Ginigipit o pinagbabantaan sa trabaho, gaya ng pagsasabi na idedeport siya o sasaktan ang mga kapamilya niya
- Hindi ma-access ang kaniyang pasaporte o iba pang mga dokumento ng pagkakakilanlan
- Nagtatrabaho sa bahay ng isang tao at bihirang makalabas para sa mga kadahilanang personal o pakikisalamuha
- Dumaranas ng mga pang-iinsulto, panlalait, pang-aabuso o karahasan

## May makukuhang tulong

Ang Red Cross ay nagbibigay ng payo at suporta, at maaari kang isangguni sa ibang mga serbisyo para sa tulong. May makukuhang mga serbisyo ng interpreter. **Tumawag sa 03 9345 1800 o mag-email sa national_stpp@redcross.org.au**

Mayroon ding **programa ng suporta** na tumutulong sa mga tao upang makabawi at buuing muli ang kanilang buhay. Ang programa ay tumutulong sa mga tao na makahanap ng isang lugar na ligtas upang manirahan, nagbibigay ng suporta upang makakuha ng pangangalaga sa karamdaman, pagpapayo at payo sa batas at migrasyon, pinansiyal na suporta, tulong sa edukasyon at pagsasanay o paghahanap ng trabaho, at mga ugnayang panlipunan. Maaari kang bigyan ng Red Cross ng karagdagang impormasyon tungkol sa programang ito.*

Kung ito ay isang emerhensiya o may banta sa kaligtasan ng isang tao, tawagan ang pulisya sa **000**. Para magsumbong ng posibleng kaso ng makabagong pang-aalipin, tawagan ang Australian Federal Police (Pampederal na Pulisya ng Australya) sa **131 237**.

## Alamin ang iyong mga karapatan

Lahat ng mga manggagawa sa Australya ay may mga batayang karapatan na protektado ng batas. Saklaw ng mga batas na ito ang lahat ng manggagawa kabilang na ang mga manggagawa mula sa ibang bansa, gaano man katagal ang kanilang pamamalagi sa Australya o uri ng kanilang visa.

Para sa impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan sa pinagtatrabahuhan, maaari mong bisitahin ang **www.fairwork.gov.au**, o makipag-ugnayan sa Fair Work Ombudsman sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono sa **13 13 94**. Kung kailangan mo ng interpreter, kontakin ang Translating and Interpreting Service (Serbisyo sa Pagsasalin at Pag-iinterprete) sa **13 14 50**.

*This Modern Slavery grant activity received grant funding from the Australian Government.*

**Ang Australian Red Cross ay pinopondohan ng Department of Social Services (Kagawaran ng Mga Serbisyong Panlipunan) upang magbigay ng Suporta para sa Programa para sa Pangangalakal ng mga Tao (Trafficked People Program).*